

Panuntunan ng Pagkakansela ng mga Misa at iba pang pagdiriwang na may kinalaman sa Simbahan dahil sa Corona Virus 2020(COVID-23)

Ito ay tugon sa panawagan ni Prime Minister Shinzo Abe sa pagkakansela ng lahat ng klase sa Mababang Paaralan (Elementary) hangang sa Mataas na Paaralan (Senior at Junior) mula sa ika 2 ng Marso hangang bakasyon ngayung spring. Ito ay nag lalayon na maiwasan ang pagkalat ng corona virus. Nagkaroon nang deliberasyon sa nasabing panawagan at ako kasama ng iba pang kumakatawan sa Diyosesis ng Kyoto ay umabot sa mga sumusunod na desisyon.

1. Simula sa ika 2 ng Marso (Lunes) hangang ika 20 ng Marso (Biyernes) lahat ng Misa (maging ito man ay pagdiriwang ng Liturgy of the Word with Communion), Ketekismo at iba pang pagtitipon na may kinalaman sa Simbahan ay ***pansamantalang hindi pinahihintulutan***. Ang espesyal na ***pagpapahintulot na hindi muna magsimba sa araw ng Lingo ay ibinibigay sa lahat ng mananampalayaya sa Diyosesis ng Kyoto***. Sa kabila nito ang lahat ay inaanyayahang manalangin at magbasa ng Biblia.
2. Ang Kasal, Misa sa paglilibing at iba pang katulad nito ay maaaring pahintulutan pagkatapos kumunsulta sa pari na nangangasiwa ng simbahan at sa mga taong may kinalaman dito.
3. Ipinapakiusap na isama sa announcement ng simbahan ang panuntunan na ito sa darating na Lingo ika 1 ng Marso. At ipinapakiusap na ipakakat ang nasabing paalala sa lahat lalo na sa mga banyaga.

Ang Misa ngayung darating na Lingo ika 1 ng Marso ay ayon sa schedule ng bawat simbahan na may paanyaya ng dobleng pag iingat upang makaiwas tayo sa nasabing sakit.

Maghintay muli po tayo ng panibangong announcement sa darating na ika 20 ng Marso, 2020 (Biyernes).

Itaas natin ang ating tiwala sa kabutihan at awa ng ating Panginoong Hesukristo na ang lahat ng tao lalong lalo na ang mga tinamaan at apektado ng nasabing sakit ay makatagpo na kagalingan at lakas sa kanyang Ngalan.